# Mga Tahanang ICF/DD—Pagbabago sa Medi-Cal Managed Care

Paano ako maaapektuhan nito?

## Bakit ako tumatanggap nito?

- Nakatira sa isang Tahanang Intermediate Care Facilties para sa Developmentally Disabled (ICF/DD)
- Magkakaroon ng ilang pagbabago sa kung paano binabayaran ang iyong Tahanan at ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.
- Sasali ka sa Managed Care Plan (Plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga) ng Medi-Cal.

## Ano ang magbabago?

- Simula Enero 1, 2024, ikaw ay ie-enroll sa Managed Care Plan ng Medi-Cal — ang iyong Managed Care Plan sa Medi-Cal, kasama ang iyong Regional Center, at responsable sa pagtitiyak na natutugunan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at na patuloy kang makakatanggap ng mga serbisyong kailangan mo sa iyong Tahanang ICF/DD.
- Ang Tahanang tinitirhan mo ay makikipagtulungan sa Managed Care Plan ng Medi-Cal upang matiyak na nakukuha mo ang mga serbisyong kailangan mo.

## Ano ang kailangan kong gawin?

- **Wala kang kailangang gawin!** Maaari kang manatili sa iyong Tahanan.
- Higit pang impormasyon ang ipapadala sa iyo sa sulat sa susunod na dalawang buwan.
- Maaari kang pumili ng Managed Care Plan ng Medi-Cal sa Nobyembre 2023 o may pipili para sa iyo batay sa lugar na tinitirhan mo.

## Paano kung mayroon akong mga katanungan?

- Magtanong sa isang pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya o sa iyong Conservator (kung mayroon kanito).
- Magtanong sa iyong service coordinator (taga-ugnay ng serbisyo) sa iyong Regional Center.
- Tawagan ang DHCS Medi-Cal Helpline sa **1 (800) 541-5555** o ang Medi-Cal Ombudsman sa **1 (888) 452-8609 Lunes—Biyernes ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon PT.** Libre ang tawag.

DHCS
CALIFORNIA DEPARTMENT OF
HEALTH CARE SERVICES

## Ano ang susunod na mangyayari?

» Pinakamalamang na **hindi magbago ang iyong mga pang-araw-araw na aktibidad**.

» Makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong Managed Care Plan ng Medi-Cal.

» Patuloy kang makakakuha ng mga serbisyong kailangan mo, ngunit maaaring magbago ang ilan sa iyong mga provider.

Kung sasali ang iyong Tahanan sa bago mong Managed Care Plan...

↓

Walang magbabago. Wala kang kailangang gawin. Ang pananatili mo sa iyong Tahanan at makikipagkita sa pareho mong sumusuportang kawani.

**O**

Kung **hindi sumali o hindi nakikipagtulungan** ang iyong Tahanan sa bago mong Managed Care Plan...

↓

Mananatili ka sa iyong Tahanan ng 12 buwan **nang hindi kinakailangang hilingin ito** at mapanatili ang pareho mong sumusuportang kawani...

↓

Kung gusto mo, maaari kang patuloy na manirahan sa iyong Tahanan ng 12 buwan pa kung hiniling ito ng iyong Tahanan.

## Mga Depinisyon

» **Tahanang ICF/DD:** Ang Tahanang Intermediate Care Facilties para sa Developmentally Disabled na tinatawag ding ICF/DD, ay isang tahanan kung saan nakakatanggap ka ng pangangalagang pangkalusugan at iba pang mga suportang kailangan mo.

» **Mga Serbisyo:** Maaaring kasama sa mga ito ang iyong Tahanang ICF/DD at mga suportang natatanggap mo para sa iyong mga pangangalaga sa kalusugan at upang suportahan ang iyong mga pang-araw-araw na aktibidad.

» **Mga Halimbawa:** Pagpapatingin sa doktor, paggawa ng physical therapy, paghahanda ng pagkain, pagpunta sa tindahan, o pagligo.

» **Mga Sumusuportang Kawani:** Ang mga taong sumusuporta sa iyo (mga doktor, therapist, aide, pansuportang coordinator, at kawani sa iyong Tahanan).

» **Managed Care Plan ng Medi-Cal:** Isang kumpanya ng pangangalagang pangkalusugan na binabayaran ang, at ikino-coordinate, ang pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyo ng ICF/DD na kailangan mo. Tumutulong din ang Plano na matiyak na natatangap mo ang mga serbisyong iyon sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa iyong mga doktor, sa iyong ICF/DD Home, at iba pang mga sumusuportang tauhan.